

ANG Bayan

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBAYAN NG
MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO

Tomo XXIX Bilang 3

Mayo-Hunyo 2000

Editoryal

Labanan ang digmang anti-Moro ng rehimeng US-Estrada!



Mariing tinutuligsa ng Partido Komunista ng Pilipinas ang todo-largang digmang anti-Moro ng reaksyunaryong rehimeng US-Estrada. Ipinapahayag din ng Partido ang paninindigan ng lahat ng rebusyonaryong pwersa na labanan ang digmang ito sa pamamagitan ng ibayong pagpapaigting ng digmang bayan sa buong bansa.

Ang digmang anti-Moro ay binubuo pangunahin ng todo-largang armadong opensiba sa mga teritoryo kung saan umiiral ang armado at pampulitikang kapangyarihan ng Moro Islamic Liberation Front-Bangsamoro Islamic Armed Forces (MILF-BIAF). Bahagi rin ng digmang ito ang paglalarga ng kampanya ng

paninirang-puri sa relihiyon at kulturang Moro upang lumikha ng istryang anti-Moro at anti-Muslim at bigyang-matwid ang patakaran ng henosidyo sa pagtarget sa mga sentro ng sibilyang populasyon at lansakang paglapastangan sa kanilang mga karapatang sibil.

Malawakang pinsala sa kabuhayan at pagyurak sa interes at kagalingan ng mamamayang Moro ang dulot ng todo-largang digmang rehimeng Estrada. Ibinuhos ng reaksyunaryong rehimen ang 60% ng tropa ng AFP na gumagamit ng mabibigat na kagamitang pandigma. Layunin nitong gapiin o pasukuin ang armadong paglaban ng MILF-BIAF at maghasik ng takot sa mamamayang Moro. Nais ng rehimeng Estrada na lumuhod ang mamamayang Moro sa reaksyunaryong kapangyarihan at isuko ang kanilang karapatan at pakikibaka para sa pagpapasya-sa-sarili.

Ang pinasidhing anti-Morong digmang ito ay pagpapatuloy ng istorikong pang-aapi sa mamamayang Moro ng mga lokal na mapagsamantalang uri at ng kanilang dayuhang amo mula pa noong panahon ng kolonyalismong Espanyol. Sa kasaysayan, nagapi pansamantala ang mga paglaban ng mamamayang Moro matapos lamang na gumamit, pangunahin, ng superyor na armadong pwersa ang mga reaksyunaryong kapangyarihan kaakibat ng kooptasyon sa mga mabuway na lider Moro.

Muling ginagatungan ng reaksyunaryong rehimeng apoy ng digmang anti-Moro matapos ipamalas ng MILF-BIAF ang kapasyahang isulong ang interes ng mamamayang Moro. Muling iwinagayway ng MILF-BIAF ang bandila ng armadong pakikibaka para sa pagpapasya-sa-sarili ng mamamayang Moro matapos itong ipagkanulo at isuko ng Moro National Liberation Front (MNLF). Nabigo ang rehimeng Ramos at Estrada na iligaw ang MILF-BIAF tungo sa landas ng kapitulasyon sa pamamagitan ng negosasyong pangkapayapaan. Kung kayat ang MILF-BIAF ay tuluy-tuloy na nakapag-iipon ng papalawak na suporta sa hanay ng mamamayang Moro at nakapagpapalakas sa larangang pampolitika at armadong pakikibaka.

Layunin ng digmang anti-Moro na ipailalim sa lubusang kontrol ng malalaking kapitalistang dayuhan at lokal ang mayamang rekursong Mindanao. Kabilang sa mga pangunahing sumusuporta sa malakihang opensibang militar ng rehimeng Estrada ang malalaking dayuhang korporasyon sa pagmimina na interesado sa malalawak na lupain sa Gitna at Kanlurang Mindanao.

Nais ni Estrada na sa pamamagitan ng todo-largang digma laban sa MILF-BIAF ay mailarawan nitong matatag ang katunaya'y gumegewang-gewang niyang rehimeng. Inaakala nitong sa pamamagitan ng malaking mga operasyong militar ay magagapi nito ang pakikibaka ng mamamayang Moro at ito'y makatutulong sa pagpapakitang matatag at nasa kontrol ang rehimeng.

NILALAMAN

Editoryal.....	1
Bangis ng anti-Morong digma.....	3
Panayam kay Ka Roger.....	4
Pagpapakatuta ni Estrada.....	6
Pakikibaka ng kilusang manggagawa.....	8
Kilusang kabataan-estudyante.....	9
Mensahe ni Ka Roger kay Jenina.....	10
Resesyon sa Japan.....	12
Pakikibakang masa sa Timog Katagalugan.....	13
Balita.....	14

PANAWAGAN

Ang Lupong Patnugot ng **Ang Bayan** ay nag-aayaya sa mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga komentaryo at mungkahi, mga balita o mga rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan

Maaaring makuha ang pinakahuling isyu ng **Ang Bayan** sa internet. Magtungo sa website na: <http://angbayan.cjb.net>

Tatanggap ang patnugutan ng mga liham sa *email address* na: editors@angbayan.cjb.net

Subalit dahil sa bagsik ng digmang ito, higit lamang nagging malinaw ang katwiran at kawastuan ng pakikibaka ng mamamayang Moro para sa pagpapasya-sa-sarili. Hindi rin makakamit ng mamamayang Moro ang kanilang interes sa ilalim ng kasalukuyang mapang-aping sistema, anupamang pangako ng awtonomya o kaunlaran ang ialok sa kanila. Dahil dito, napapanday ang pagkakaisa ng mamamayang Moro, kabilang ang kanilang mga lider-relihiyoso, na labanan ang reaksyunaryong rehimeng at militanteng ipagtanggol ang kanilang interes. Mabilis silang umaani ng papalawak na suporta kahit sa hanay ng mamamayang di-Moro.

Matapos na aktibong magdepensa at maglunsad ng mga kontra-opensiba, ginagamit ngayon ng MILF-BIAF ang mga pamamaraang gerilya upang labanan ang armadong pwersa ng reaksyunaryong rehimeng. Patuloy silang nagdudulot ng papalaking pinsala sa AFP na nagreresta sa pagbagsak ng moral ng mga pasistang tropa.

Napakalaking rekursong rehimeng Estrada ang araw-araw na nilulustay sa pagpapatuloy ng mga operasyon ng AFP laban sa MILF-BIAF. Lalong nagging mapangahas ang mga anti-Estradang paksyon sa loob ng militar na bumatikos at magpahayag ng disgusto laban sa naghaharing rehimeng.

Ngayon, higit kailanman, kailangang magkaisa ang mamamayang Pilipino at mamamayang Moro. Magsisilbing matibay na pundasyon nito ang kasunduan sa pagtutulungan sa pagitan ng MILF at NDFP. Sa batayan o inspirasyon nito ay maaaring magkaisa sa iba't ibang anyo at pagkakataon ang iba't ibang organisasyong masa ng mga Moro at Pilipino upang tipunin ang pinakamalawak na pwersa para labanan ang naghaharing rehimeng US-Estrada.

Pangunahing magbibigkis sa pagkakaisang ito ang pagpapaigting ng mga taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan laban sa mga tropa ng reaksyunaryong kaaway. Muli nating idiin ang panawagang samantalahan ang pagnipis ng pwersa ng AFP-PNP sa maraming lugar sa pamamagitan ng pagtuon ng superyor na pwersa laban sa maliliit at nahihiwalay na armadong yunit ng kaaway at mabilis na pagpapalawak ng rebolusyonaryong baseng masa sa kanayunan, kasabay ng patuloy na pagsasagawa ng mga angkop na hakbang sa pag-iingat.

Sa pamamagitan nito at ng malawakang paglaban ng mamamayan, ang todo-largang digma ni Estrada laban sa MILF-BIAF ay lalo lamang magpabilis sa paghina at pagbagsak ng kanyang rehimeng. **AB**

Bangis ng digmang anti-Moro

Patuloy na pinipinsala ng mabangis at todo-largang digmang anti-Moro ng rehimeng US-Estrada ang daan-daan libong mamamayan sa Gitna, Timog at Timog-Kanlurang Mindanao.

Sa desperasyong gapiin ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayang Moro sa pangunguna ng MILF-BIAF, ibinasura ng gubyernong Estrada ang usapang pangkapayapaan at itinambak ang mahigit 50 batalyon ng pandigmang pwersang militar at pulis sa mga teritoryo ng MILF-BIAF.

Laging kaakibat ng pananalanta ng mga tropang reaksyunaryo ang libayong pagtindi at walang patumanggang paglabag sa mga karapatang-tao.

Ayon sa mga ulat, mula Enero hanggang unang linggo ng Hunyo, di bababa sa 187 sibilyan na ang namatay, 225 ang nasugatan at lima ang nawawala bunga ng mga operasyong militar.

Nitong unang linggo ng Hunyo, mayroon nang naitalang 113,706 pamilya o 598,929 mamamayang napalikas ng sunud-sunod na pambomboma at mararahas na pagsalakay ng mga reaksyunaryong tropa. Hindi pa kabilang dito yaong mga hindi sumukob sa 268 mga *evacuation center*.

Aabot sa 648 tahanan ang winasak ng tuluy-tuloy na pagsalakay sa mga komunidad gaya ng Balo-i, Lanao del Norte at Balabagan, Lanao del Sur. Karamihan sa mga ito'y sinunog, tinadtad ng bala o winasak ng mga bomba ng AFP, PNP at mga grupong vigilante habang tinutugis ang mga pinaghihinalaang myembro o tagasuporta ng MILF. Sa ilang pagkakataon, isinagawa ito ng militar sa mga komunidad na di-Moro at ibinintang sa MILF upang maghasik ng isteryang anti-Moro.

Patuloy na nadaragdagan ang bilyun-bilyong piso nang halaga ng mga ari-arian, pananim, hayop at kagamitan sa hanapbuhay ng mamamayan na sinasalanta ng walang pakundangang gera ng reaksyunaryong hukbong sandatahan.

Sa mga *evacuation center* na marumi, masikip at salat sa suplay ng tubig at pagkain, mahigit 80,000, na karamihan'y mga bata, kababaihan't matatanda, ang nangagkasakit ng tigdas, kolera, sakit ng tiyan, sakit sa balat, sipon at ubo. Naagasan naman ang 23 kababaihan.

Bukod sa nabanggit nang mga kaso ng paglabag sa internasyunal na makataong batas, ilegal ang ginagawa ni Estrada na pagblokeyo sa pagkain. Mismong pagkain para sa mga nagsilikas ay kinukumpiska ng mga sundalo sa paratang na ito ay suporta sa MILF. Hinaharang din ng mga tropang ►



Paglulustay ng rekursong digmang anti-Moro

Umaabot sa P20-94 milyon araw-araw ang ibinubuhos ng rehimeng US-Estrada sa digmang anti-Moro nito sa Mindanao. Upang patuloy na tustusan ito, inililipat dito ng reaksyunaryong gubyerno ang napakalaking porsyentong nakalaan para sa serbisyon ng panlipunan.

Habang todo-todo ang pagsupporta sa kanyang mga pasistang tropa, sagad-sagarang pinababaayan naman ni Estrada ang kagalingan ng mamamayan. Kabilang ang sumusunod:

- **Pagtatayo ng 25,000 silid-aralan (P7.5 bilyon)**
- **Pagbili ng 70.1 milyong textbooks (P4.9 bilyon)**
- **Pag-empleyo ng 44,423 bagong guro (P1.52 bilyon)**
- **Dagdag na sahod para sa mga guro (P2 bilyon)**
- **Dagdag na sahod para sa mga kawani ng gubyerno (P52.4 bilyon)**

Panayam kay Ka Roger

Tagapagsalita, Partido Komunista ng Pilipinas

Binisita ng Ang Bayan noong kalagitnaan ng Hunyo si Ka Roger, pambansang tagapagsalita ng Partido. Ibinahagi niya sa mahigit dalawang oras na interbyu ang kanyang mga pananaw hinggil sa maiinit na usaping pambansa. Sa bahagi ng interbyu na inilalathala natin ngayon, tinalakay ni Ka Roger ang patuloy na pinaiigting na digmang anti-Moro at ang kahihinatnang pagkabigo ng rehimeng US-Estrada rito. Ilalabas ng AB ang buong interbyu sa isang nalalapit na espesyal na isyu.



AB: Patuloy na pinaiigting ng rehimeng US-Estrada ang digma nito laban sa MILF alinsunod sa Hunyong dedlayn na itinakda nito. Anong pananaw mo rito at sa mga pangyayari sa Mindanao sa pangkalahatan?

KR: Unang-una, ang rehimen ni Estrada sapul nang umupo ay iyan na ang pinaghahandaan. Halos kauupo pa lamang niya, ay ipinatupad na ni Estrada ang Oplan Makabayan na naglalayong durugin ang lahat ng mga grupong lumalaban sa kanya, pangunahin ang Partido, BHB, NDFP at ang MILF.

Kung may Oplan Makabayan na inilulunsad laban sa Partido at BHB, sa MILF ay mayroon namang Oplan Pisces-Alpha. Dahil bigo ang Oplan Makabayan, papalitan naman ito ng Oplan Balangay. Pero anumang itawag niya sa oplan na iyan, ang esensya ay ang pagsisikap ng reaksyunaryong gubyerno na konsolidahan ang lahat ng mga ahensya nito, imaksimisa ang pagtutulungan ng mga ito sa layuning durugin ang anumang pwersang lumalaban sa rehimen.

Subalit gaano man ang gawing pagsisikap ng rehimeng Estrada, palaging mabibigo ito. Sa halip na

madurog ang mga rebolusyonaryong kilusan, lalo lamang lalakas ang mga ito.

Ganyan din ang mangyayari sa Mindanao, sa kabilang paghahambog ng rehimen na dudurugin nito ang MILF pagkatapos ng kanyang ultimatum na June 30. Mabubulaga na lamang ang rehimeng ito na sa halip na madurog ang MILF ay lalo itong lalakas at lalong lalawak sapagkat maoobliga itong gumamit ng taktikang gerilya. Kung gayon, lalong lalawak ang mga labanan sa buong Mindanao. Sa Kabisayaan at Luzon naman ay pagsisikapan ng BHB na patindihin ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba. Kaya lalamuin ng rehimen ang mga salita nito.

AB: Anong masasabi mo tungkol sa Al Harakatul Islamiya o Abu Sayyaf Group, sa kanilang mga aktibidad at sa pakikipagharap sa kanila ng gubyernong Estrada?

KR: Tulad ng nalalaman nating lahat, itong grupo ng Abu Sayyaf ay wala namang ipinaglababang ideolohiya. Naglulunsad lamang ito ng iba't ibang mga kriminal na aktibidad. Alam ng marami na ang nagpasimuno naman ng pagtatayo nito ay walang iba kundi ang gubyerno rin

◀ militar ang mga manggagawang pangkalusugan at *social worker* sa mga tsekpoynt, bagay na nakaaantala sa mga *relief operation* sa mga *evacuation center*.

Sa kalunsuran, ang pagtatanim at pagpapasabog ng mga bomba ng AFP, PNP at mga kasabwat nila upang ibintang ito sa mga Moro ay

nagbubunga ng pinsala at ligalig sa hanay ng ordinaryong mamamayan.

Noong Mayo 28, iligal na inareste ng PNP, sa pangunguna ng PAOCTF ni Hen. Panfilo Lacson, ang 26 na kalalakihang Moro sa Barangay Maharlika, Bicutan, Taguig at ipinagpilitang sila'y myembro ng MILF at siyang utak ng mga pambobomba.

Nito namang unang linggo ng Hunyo, dalawang migranteng manggagawang Moro ang walangawang pinaslang at pinagnakawan sa Quiapo, Maynila ng mga kagawad ng Western Police District. Dahil sa tindi ng batikos ng mamamayan, hindi na nagawang pagtakpan ng National Bureau of Investigation ang tunay na pangyayari. ■

mismo sa layuning paghati-hatiin ang MNLF noong hindi pa ito sumusuko. Pero ngayon, nawala na sa kontrol ng gubyerno ang Abu Sayyaf. Nagwawala na, o sabi nga'y nasisiraan na ng ulo itong mga taong ito, na nakikita sa paglulunsad nila ng mga panghuhuli ng mga sibilyan at pagpapatubos sa mga ito.

Pero sa pakikitungo rito ng rehimeng US-Estrada, lumalabas na mas sira ang ulo ng gubyerno dahil sa pagpatol nila rito. Ikumpara natin ito sa kanilang machong paninindigan at pagtatravayor sa usapang pangkawayapaan sa NDF at MILF.

Ngayon naman ay pinagtatawanan sila ng daigdig. Bahag ang buntot nila sa pakikipagharap sa ginawang pangho-hostage nitong Abu Sayyaf dahil naman sa presyur ng mga bansang pinanggalingan nitong mga bihag na nagbibigay ng babala kay Estrada na huwag basta-basta hahakbang nang magsasapanganib sa buhay ng mga *hostage*.

Nakikita natin ngayon na walang direksyon, walang hinaharap ang negosasyon sa Abu Sayyaf. Kaya mismong 'yung mga bansang pinanggalingan nitong mga bihag ay naiinip na at hindi na rin mapakali. Kitang-kita nila na walang kakayahan itong rehimeng Estrada na mabawi itong mga bihag at wala rin namang kakayahang gumawa ng iba pang mga hakbang. Kahit na doon sa ipinaghahambog ng rehimeng Estrada na maglulunsad ng operasyong militar laban dito sa Abu Sayyaf ay halata namang wala rin silang ibubuga. Kaya napasubo sa isang napakahirap na sitwasyon ang rehimeng Estrada dahilan na rin sa sarili nitong kagagawan.

AB: Ano ang iyong masasabi hinggil sa mga nagaganap na pambobomba na diumano'y gawa ng mga "rebelde"?

KR: Hinding-hindi iyan maaaring gawin ng mga rebolusyonaryo lalung-lalo na ng BHB sapagkat mahigpit na ipinagbabawal ng prinsipyong alituntunin ng Bagong Hukbong Bayan na gumawa ng anumang pinsala sa karaniwang mamamayan o sa mga sibilyan.

Kung ang BHB ang magpapasabog, ang tatargetin nito ay ang mga instalasyong militar at iba pang instalasyon ng gubyerno upang ang tuwirang mapinsala ay ang makinarya ng reaksyunaryong gubyerno at hindi ang mga inosenteng sibilyan.

Tungkol sa hinuling 26 na Moro na pinagbibintangang MILF at nagsagawa ng mga pambobomba, wala namang masyadong naniniwala sa propagandang ito. Kung mababalikan natin ang *track record* ni Hen. Panfilo

Lacson at ng kanyang Presidential Anti-Organized Crime Task Force, ito ang espesyalidad ng grupong ito—manghuli ng kung sino, pagkatapos ay pagbintangang ito na ang may kagagawan ng mga krimeng gusto nilang ibintang.

Pero hanggang ngayon ay wala pa rin silang napatutunayan at habang lumilipas ang mga araw ay lumilinaw na ang mga taong hinuli ay mga inosenteng sibilyan na tinaniman ng ebidensya.

AB: Ano ang layunin nila rito?

KR: Malinaw na ang mga pambobomba ay kagagawan ng mga kabig ni Mr. Estrada upang lumikha ng senaryo katulad ng nilikha ni Marcos nung 1972.

Kung sinusubaybayan natin ang mga balita, mayroon nang mga nahuli sa Zamboanga na mga myembro ng AFP at ng PNP na may dala-dalang mga pampasabog. Ganyang-ganyan din noong 1972 bago ideklara ni Marcos ang batas militar. Iyong mga pagpapasabog na ibinibintang noon sa BHB, lumitaw sa pagsisiyasat ng AFP na may mga presong pinakawalan sa Muntinlupa upang utusang magpasabog sa Kamaynilaan. Pagkatapos ay ibinintang ito sa BHB noon.

AB: Idinidiin talaga ng PNP ang 26 na hinuli. Naganap kamakailan 'yung rub-out ng PNP sa dalawang Moro sa Quiapo na diumano'y mga kumander ng MILF at nabalita ang paglapastangan sa mosque sa Kampo Bushra sa Lanao na inatake ng AFP.

KR: Halatang may layunin din silang pag-alabin ang damdamin ng mga mamamayang Muslim laban sa mga Kristyano. Ginagamit din ang masmidya para isising lahat sa mga Moro ang mga pangingidnap at iba pa at pinagdidikit ang isang rebolusyonaryong organisasyon tulad ng MILF at isang sindikatong kriminal na katulad ng Abu Sayyaf upang galitin mismo ang mga mamamayang di-Moro laban sa mga Moro. May ilang pagkakataon din na may mga simbahan sa Mindanao na pinasabugan tulad ng katedral sa Jolo, 'yung isang simbahan sa Davao Oriental at isa rin sa lunsod ng Davao.

Ang gusto talagang mangyari ay magkaroon ng kulay ng relihiyon ang labanan sa Mindanao. Pinipilit nilang ilihis ang atensyon sa tunay na mga usapin—ang pagsasamantala o ang kabulukan ng gubyernong Estrada, ang kawalan nito ng kakayahang tugunan ang interes ng mamamayan sa Mindanao maging ito'y mga Muslim o Kristyano. **AB**



Todo-todong pagsasakatuparan ng mga imperialistang dikta sa ekonomya

Sa kabilang mariing pagbatikos sa imperialistang "globalisasyon" hindi lamang sa Pilipinas kundi sa buong daigdig, walang rendang ipinatutupad pa rin ng rehimeng US-Estrada ang mga patakaran nagbubukas sa pambansang ekonomya sa walang sagkang pandarambong ng mga imperialistang bansa.

Pag-upo pa lamang ni Estrada bilang presidente, agad na nitong tinangkang baguhin ang reaksyunaryong konstitusyon upang tanggalin sa isang kumpas ang anumang nalalabing probisyong nagbibigay-proteksyon sa pambansang patrimonya. Tumampok ang usapin ng pag-amyenda sa mga probisyong nagbabawal sa dayuhang pag-aari ng lupa at mga *public utility* kaalinsabay sa balak ni Estrada na pahabain ang termino ng kanyang gubyerno.

Gayundin, sa pagmamadali ni Estrada, agad na ipinasa ng reaksyunaryong senado ang Visiting Forces Agreement (VFA), isang kasunduang militar sa pagitan ng Pilipinas at US. Pinahihintulutan ng VFA ang mga tropa ng US na gamitin ang anumang lugar sa Pilipinas para sa kanilang mga layuning pangmilitar. Epektibo nitong itinransforma ang bansa sa isang malaking baseng militar ng US.

Noong nakaraang mga buwan, bilang pagtupad sa kundisyon para sa mga bagong pautang, minadali ng gubyernong Estrada ang pagsasabatas ng pribatisasyon ng mga pampublikong kumpanya at buung-buong pagbubukas ng mahahalagang sektor ng ekonomya sa kontrol ng mga dayuhan. Ilan sa mga pinakasignipikante ay ang sumusunod:

■ **Retail Trade Bill.** Ipinasa ito ng reaksyunaryong kongreso at senado noong Disyembre 1999, sa kabilang pagtutol ng maliliit na komersyante. Ang pagtitigi, isa sa pinakahuling larangan ng ekonomya na may proteksyon para sa lokal na maliliit na kapital, ay bubuksan sa 100% pag-aari ng dayuhang malalaking kapitalista. Sa napakaliit na halagang \$50,000 (P200,000), maaari nang magtayo ang anumang dayuhang kumpanya o indibidwal ng mga *specialty shop* na tatapat sa mga maliliit na tindahang Pilipino. At sa halagang \$2.5 milyon, maaari nang magtayo ng mga *supermarket* ang malalaking dayuhang kumpanya sa pagtitigi at punuin ang mga ito ng hanggang 70% mga imported na produkto.

■ **Electricity Industry Reform Bill (o ang Omnibus Power Bill).** Itinakda ng panukalang ito ang pribatisasyon ng National Power Corporation (NAPOCOR) at pagreorganisa sa sektor ng enerhiya bilang "pribadong sektor". Inaalis nito ang *power generation* (paglikha ng kuryente) sa listahan ng mga *public utility* at pahihintulutan ang 100% dayuhang kontrol dito. Upang bigyang-pabor ang mga multinasyunal o kroni ni Estrada na bibili sa NAPOCOR, ang P3-trilyong utang ng kumpanya ay ipapapasan sa mamamayan sa pamamagitan ng dagdag na buwis o abot-langit na singilin sa kuryente.

■ **Securities Bill 2000.** Ang batas na ito ay hakbang patungo sa lubusang deregulasyon ng Philippine Stock Exchange, ang pangunahing pamilihan ng sapi at bono ng mga

lokal na korporasyon. Tinatanggal nito ang papel ng gubyerno sa regulasyon ng *stock market* at itinataas ang minimum na rekitong kapital ng mga korporasyong nagnenegosyo sa *stock market (brokerages)* bilang paghahanda sa pagpasok ng mga dayuhang korporasyon at pagsipa sa mas maliliit na empresa.

■ **Mga susog sa General Banking Act.** Inamyendahan nito ang General Banking Act na una nang nagpahintulot sa malayang pagpasok ng 10 dayuhang bangko sa bansa. Bilang pagpapalawak sa probisyong ito, lubusan nang ibinubukas ang lokal na industriya sa pagbabangko sa 100% pag-aari ng mga dayuhan. Paghahanda ito sa partisipasyon ng mga dayuhang monopolyong bangko at negosyo sa pribatisasyon ng Philippine National Bank at iba pang bangkong kasalukuyang pag-aari pa ng gubyerno. Ipinasa ito noong Disyembre 1999 at pinirmahan ni Estrada nitong Mayo.

Ang mga panukalang ito ay mabilisang ipinasa ng Kongreso at Senado noong Abril bilang pagtalima sa mga kundisyon ng International Monetary Fund (IMF) para sa \$1 bilyon pautang na nakalaan para tustusan ang dambuhalang depisit sa pambansang badyet, ilang proyektong pang-imprastruktura at pagreforma sa sektor pampinansya.

Kaugnay nito, inaasahang kikita ng bilyun-bilyon ang reaksyunaryong gubyerno mula sa pagbebenta ng NAPOCOR at PNB sa mga pinapaborang multinasyunal o kroni ni Estrada. Tiyak na gagamitin ito bilang pondo sa eleksyon 2001.

Sa harap ng patuloy na paglala ng krisis pang-ekonomya, ipinatutupad ng rehimeng US-Estrada ang pinakamasasahol na anti-mamamayang patakaran upang tiyakin ang pananatili nito sa estado-poder.

Dagdag sa naturang mga batas, isa-isang pinalulusot nito ang iba pang patakang unti-unting nagtatanggal sa mga taripa at buwis na ipinapataw sa mga inangkat na produkto. Pagtalima ito sa mga utos ng WTO para sa ganap na liberalisasyon ng kalakalan. Patuloy din ang pagtaguyod at pagtatanggol ni Estrada sa pinakamasasahol na patakaran ng nakaraang mga rehimeng tulad ng deregulasyon ng industriya ng langis.

Inaasahan ni Estrada na maipapasa ang mga panukalang magpapataw ng dagdag na buwis sa mamamayan sa susunod na sesyon ng kongreso. Alinsunod ito sa utos ng IMF at mga kaalyado nitong pribadong bangko na itaas ang kita ng reaksyunaryong gubyerno upang matiyak na matutugunan nito ang obligasyong magbayad ng utang. Higit 10 panukala na ang nakasampa sa kongreso. Nakatakdang isapribado ang lahat ng nalalabing pampublikong korporasyon, malalaking ospital at mga paaralan. **AB**

Gula-gulanit na lambat pangkaligtasan

Upang mag-astang makamasa at mapatahimik ang mga ngangawang reformato't kontra-rebolusyonaryong petiburges, nagpatupad ang gubyernong Estrada ng tinaguriang "safety nets", mga hakbang na umano'y magliligtas sa mamamayan sa "negatibong epekto" ng "globalisasyon".

Isa rito ang batas na nagpapataw ng buwis sa mga inangkat na produktong may subsidyong pinagmulang bansa upang umano'y ipagtanggol ang mga lokal na produkto sa kumpetisyon. Kalakhan ng mga ito ay mga produktong agrikultural mula sa Europe at United States. Subalit dahil napakababa naman ng buwis na ipapataw, at sadyang napakababa ng presyo ng mga ito, lalabas na mas mababa pa rin ang halaga ng mga ito kaysa lokal na produkto.

Ang ikalawa'y ang Anti-Dumping Act na nagbabawal umano sa pagtatambak ng murang kalakal sa Pilipinas. Papatawan dawng taripa ang mga kalakal na napatunayang itinatambak sa bansa. Pero bago maideklarang lumalabag ang isang bansa o kumpanya sa batas na ito, aabutin muna ito nang siyamsiyam bago mapatunayang nanganganib ang mga katumbas na lokal na produkto sa itinambak na import.

Mayroon ding mga akademiko at mga nag-aastang progresibo na nananawagan para sa "pantay na kalakalan" o di kaya'y "ekstensyon" ng mga nakatakdang target para sa ganap na liberalisasyon. Nagmumula ito sa hibang na paniniwalang magiging "pantay" ang kalakalan sa pagitan ng mga imperyalista at mga malakolonya kung bibigyan lamang ng panahong "lumago" ang kathang-isip na mga industriya ng huli. Nangangarap silang babangon mula sa palagiang krisis ang Pilipinas nang hindi na dadaan sa rebolusyonaryong pagbabago. Sila'y sadyang nagbibigay ng espesyal na serbisyo sa imperyalismo. **AB**


Umiigting na mga pakikibakang masa

Dumagsa sa mga lansangan sa iba't ibang bahagi ng bansa ang liblibong mga manggagawa nitong Mayo 1. Sa pangunguna ng militanteng Kilusang Mayo Uno, muli nilang iginiit ang P125 *across the board* na dagdag sa minimum na sahod at ipinanawagan ang pagpapatalisik sa rehimeng US-Estrada. Inilunsad ang mga pagkilos sa Maynila, Timog Katagalugan, mga lunsod ng Legazpi, Naga, Cebu, Mandaue, Iloilo, Bacolod, Dumaguete, Tacloban, Davao, Cagayan de Oro at Iligan.

Nasaksihan sa mga pagkilos na ito ang lumalawak na suportang tinatamasa ng nakikibakang mga manggagawa kabilang yaong mula sa mga reaksyunaryong personaheng anti-Estrada. Maging si Jaime Cardinal Sin ay nagpahayag ng pakikiisa sa mga manggagawa. Sa mga prubinsya, may mga upisyal din ng lokal na gubyerno na lumahok sa mga pagkilos.

P125 dagdag sa sahod. Sinimulan noong nakaraang taon ang pakikibaka para sa P125 *nationwide* at *across the board* na dagdag sa sahod. Pagpapatuloy ito ng pakikibaka para sa P100 umento na sinimulan noong 1997.

Mabilis na dumadausdos ang tunay na halaga ng sahod ng mga manggagawa. Ang P198 minimum na sahod noong nakaraang taon sa Kamaynilaan ay halos P74 lamang kung ibabatay sa halaga ng piso noong 1989. Ang karagdagang P125 sa sahod ay bahagyang makababawi sa halagang nabawas sa sahod sa loob ng isang dekada. Subalit hindi pa rin nito matutugunan ang tinatayang mahigit P460 araw-



araw na
kinakailangan ng
isang anim-kataong pamilya
sa Metro Manila.

Kaakibat ng pakikibaka para sa karagdagang sahod, iginigiit ng mga manggagawa ang pagbasura sa Wage Rationalization Act na nagtatadhanang sa mga *regional wage board* dapat pag-usapan at itakda ang minimum na sahod. Ito ang ginagamit ng gubyerno at mga kapitalista upang hadlangan ang pambansang pagkakaisa ng mga manggagawa at pigilan ang pagtaas ng sahod.

Noong Oktubre, nakaiinsultong inianunsyo ng Regional Tripartite Wage Board sa Metro Manila ang pagpapatupad ng baryang P25 umento sa minimum na sahod. Insulto rin ang P10-20 karagdagang pinagtibay sa ibang mga rehiyon, na ang ilan, sa Gitnang Luzon halimbawa, ay gagawin pang dalawang hulog.

Laban sa rehimeng Estrada. Ngayong taon, ang militanteng kilusang manggagawa ay nasa unahan ng lumalawak na pagkakaisa para patalsikin ang rehimeng Estrada.

Sa kanilang pagkilos noong Araw ng Paggawa, binatikos ng mga manggagawa ang mga anti-mamamayan at maka-imperialistang patakaran ng rehimeng Estrada. Subalit hindi pa rin nito matutugunan ang tinatayang mahigit P460 araw-

Lumulubhang pang-aapi at panunupil sa kabataan-estudyante

Pabigat nang pabigat ang pasaning walang patid na ipinapataw ng rehimeng US-Estrada sa kabataan at mga estudyante at sa kanilang mga magulang. Itinataguyod ng rehimeng komersyalisadong sistema ng edukasyon at walang pangingimi nitong nilalapastangan ang mga demokratikong karapatan ng mga estudyante.

Paparami ang bilang ng kabataang hindi nakapag-aaral. Animnapung porsyento (60%) ng mga batang pumapasok sa elementarya ay napipilitang tumigil sa ikalawang baitang dahil sa mahal na presyo ng edukasyon. Mas marami ang di na nakatutuntong sa hayskul o sa kolehiyo dahil sa mga bayarin. Dahil dito, mahigit na sa 5.7 milyon ang mga batang nagbabanan ng buto sa halip na nasa mga paaralan.

Walang patid na pagtaas ng matrikula. Sa unang buwan pa lamang ngayong pasukan, 315



nang pribadong kolehiyo at unibersidad ang magtataas ng matrikula at iba pang bayarin nang 10%-50%. Bukod pa rito ang mga nauna nang nagsipagtaas ng matrikula sa mga unang buwan ng taon tulad ng 35 eskwelahan sa Kanlurang Kabisayaan na nagtaas nang 7-33% noong Pebrero. Noong 1999, umabot sa 394 na pribadong kolehiyo at unibersidad ang nagtaas ng matrikula, ilan sa mga ito nang hanggang 70%. Mahigit naman sa 200 ang mga eskwelahan na nagtaas ng matrikula noong 1998.

Lahat ng ito'y pawang pinahintulutan, katinaya'y inengganyo ng Department of Education, Culture and Sports (DECS) at ng Commission on Higher Education (CHED).

Mas malala, pati ang mga pampublikong unibersidad at

◀ pribatisasyon ng mga korporasyon ng estado na sumipa na ng libu-libong manggagawa at nagbabanta pa sa seguridad sa trabaho ng mahigit 12,000 empleyado sa susunod na mga buwan. Ipinahayag nila ang kanilang pagtutol sa napipintong pagsasapribado sa National Power Corporation, National Food Authority at Philippine National Bank, dagdag sa 230 korporasyong nauna nang isinubasta

ng gubyerno.

Mariing kinukundena ng kilusang manggagawa ang patuloy na paninikluhod ni Estrada sa malalaking lokal at dayuhang kapitalistang interes at ang ibayong paglubha ng kalagayan ng mamamayan sa ilalim ng imperialistang "globalisasyon".

Minsan pa, naipamalas ng mga manggagawa ang kanilang determinasyong isulong ang kanilang

kapakanan hindi lamang laban sa pagsasamantala ng mga kapitalista kundi pati na rin sa pang-aapi ng reaksyunaryong rehimeng dayuhang amo nito. Ang pakikibaka para sa karagdagang sahod ay nagpapatatag sa militanteng paninindigan ng mga manggagawa. Nagbibigay-inspirasyon ito sa malawak na masa ng sambayanan sa kanilang laban upang pataksin ang rehimeng US-Estrada. AB

kolehiyo ay nakatakdang magtaas ng kanilang mga matrikula. Kabilang dito ang ilan sa Mindanao na nagbabalak magtaas tungong P40 kada yunit ngayong pasukan kahit nagtaas ang mga ito nang hindi kukulangin sa 50% noong nakaraang taon.

Pagkatas sa dati nang mababang badyet. Halos P10 bilyon ang ibinawas ng rehimeng badyet ngayon sa edukasyon kung ikukumpara sa nakaraang taon. Ang pagbawas na ito ay ginawa sa harap ng paparaming bilang ng mga estudyante at ng papahigpit na pangangailangan para sa mga dagdag na guro, silid-aranan, libro at iba pa. Ayon mismo sa DECS, kulang ng 44,423 guro at 25,000 silid-aranan ngayong taon.

Binawasan ng P155 milyon ang dating P4.2 bil-yong badyet ng Unibersidad ng Pilipinas. Binawasan din ng P2 milyon ang badyet ng Davao Oriental State College na dating P37 milyon. Malaki rin ang kinaltas maging sa badyet ng mga pampublikong paaralang pang-elementarya. Kaakibat nito, inalis na rin ang badyet para sa mga programang pautang sa mga estudyante.

Tungo sa ultimong layuning lubusang talikdan ang tungkuling tustusan ang mga pampublikong kolehiyo at unibersidad, inoobliga ng gobyerno ang mga ito na magpalitaw ng sariling pondo sa pamamagitan ng negosyo at iba pang paraan.

Pagsupil sa pamamahayag at iba pang demokratikong karapatan sa kampus. Patuloy na niyuyurakan ang karapatan ng mga estudyante sa pamamahayag pati ang mga saligang karapatan sa pag-oorganisa sa sarili at sa sama-samang pagkilos. Ginagamit ang Campus Journalism Act of 1991 upang busalan ang mga pang-estudyanteng pahayagan na kritikal sa administrasyon ng eskwelahan o sa

gobyerno. Maraming mga kasuotan ng harasment laban sa mga publikasyon at mga estudyante na bumabatikos sa mga di makatarungang patakaran at sa pagtabo ng mga eskwelahan ng limpak-limpak na kita. Di lamang iilan sa kanila ang pinatalsik o kinasuhan ng mga may-ari ng eskwelahan.

Pinagbabawalan din ng rehimeng badyet ng administrasyon ng mga eskwelahan ang mga estudyante na maglunsad ng mga kilos-protesta. Sa University of the East-Recto at University of San Jose-Recoletos sa


Lungsod ng Cebu, may mga estudyanteng pinatalsik ng administrasyon dahil sa paglahok sa mga kilos-protesta laban sa pagtaas ng matrikula. Noon namang Enero 27, ina-resto ang apat na estudyanteng lumahok sa rali sa harap ng

Malakanyang upang igiit ang dagdag na badyet sa edukasyon. Marahas na binuwag ng pulis ang raling iyon na ikinasugat ng mahigit 100 estudyante.

Sa harap ng tumitinding pang-aapi at panunupil sa mga kabataan-estudyante, ibayong lumilinaw sa kanila ang pangangailangan tumindig, mag-organisa at kumilos upang ipagtanggol ang kanilang mga demokratikong interes.

Kayat isang mabuting bagay na sa taong kasalukuyan ay sumisigla ang mga pagkilos sa hanay ng mga kabataan at estudyante. Bukod sa aktibo nilang nilalabanan ang mga patakaran lalong nang-aapi sa kanilang hanay, mahigpit silang nakikipagkaisa sa mamayang Pilipino laban sa patuloy na pagtaas ng presyo ng langis at tumitinding pasismo ng rehimeng US-Estrada at para sa karagdagang sahod ng mga manggagawa.

Tiwala tayong sa malapit na hinaharap ay puupuong libong kabataan at estudyante ang patuloy na magmamartsa sa lansangan at iba pang mga larangan upang ipaglaban ang kanilang demokratikong interes at makiisa sa pagsigaw ng mga panawagan para sa rebolusyonaryong pagbabago. **AB**



Mensahe ni Ka Roger para kay Jenina Buan

Narito ang tugon ni Kasamang Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng Partido, sa ipaabot na kahilingan ni Jenina, anak ng bihag ng digma na si Philippine Army Major Noel Buan, para sa pagpapalaya ng kanyang ama. Si Buan, hepe ng paniktik ng Southern Luzon Command (SOLCOM) ay inaresto noong Hulyo 7, 1999 ng isang espesyal na yunit ng Melito Glor Command (MGC) sa lunsod ng Lucena.

Unang-una, ikinatalungkot nating lahat na mayroong mga anak na katulad ni Jenina na napawalay sa kanyang ama na nagkataong bihag ng digma ng MGC. Pero kailangang ipaunawa kay Jenina na ito yung bunga ng digmang inilulunsad ng rehimeng US-Estrada laban sa mga rebolusyonaryo at laban sa mamamayang Pilipino.

Kung may labanan, kung mayroong gera sibil, mayroong mga bihag. Nagkataong si Maj. Noel Buan ay nabihag ng BHB at ito namang rehimeng Estrada ay matigas ang loob, matigas ang ulo, ayaw makipag-negosasyon sa NDFP. Kaya bagamat nalulungkot tayo sa katulad ng nadadama ng pamilya ni Major Buan ay wala tayong magagawa kundi humanap ng paraan para mabawasan, kundi mapabilis itong proseso ng negosasyon na siya namang ayaw mangyari ng rehimeng Estrada.

Isa pa, gusto kong ipaabot na maswerte pa nga si Jenina sapagkat ang kanyang ama, kahit na bihag ng MGC ay nagtatamasa ng mga karapatan ng isang bihag ng digma. Kahit si Buan ay kilalang *intelligence officer* ng SOLCOM, mahusay siyang tinatratu ng mga mandirigma ng BHB na nangangalaga sa kanya. Malayung-malayo ito sa ginagawang pagtrato ng reaksyunaryo at mersenaryong Sandatahang Lakas ng Pilipinas sa mga kasamahan naming mga mandirigma ng Hukbo at pinagbibintangang rebolusyonaryo, na kapag hinuhuli ng militar at PNP ay siguradong kung hindi masalbeyds ay matotortyur at dumaranas ng iba't ibang paglabag sa kanilang mga karapatan.

Nababanggit ko lamang ito para kung nakikinig o kung mababasa ito ni Jenina at ng kanyang ina na si Mrs. Buan, nais kong ipaabot na ang nararamdamang nila ay katulad din ng kalungkutan na nararamdamang ng napakaraming mga batang anak o kamag-anak ng mga rebolusyonaryo at pinagbibintangang rebolusyonaryo at

ganoon din ng mga anak ng napakaraming mamamayang Pilipino na ngayon ay nagiging biktima ng malawakang karahasang militar ng AFP at PNP hindi lamang sa Mindanao, hindi lamang sa Timog Katagalugan kundi sa buong bansang Pilipinas. **AB**

Kautusan para sa pagpapalaya sa bihag ng digma, pinawalambisa ng NDFP

Ang kautusan ng NDFP para sa pagpapalaya kay P/Chief Insp. Abelardo Martin, bihag ng digma ng Bagong Hukbong Bayan ay napawalambisa noong Mayo 16. Ito ay dahil patuloy tumatanggi si Estrada na mag-utos ng *suspension of offensive military operations* (SOMO) sa ilang lugar sa Timog Katagalugan sa loob ng takdang panahon. Ang pagpapatupad ng SOMO ay isa sa mga isinasaad ng Memorandum ng Pag-uunawaan sa pagitan ng NDFP at ng Humanitarian and Peace Mission na pinamunuan ni Sen. Loren Legarda.

Patuloy na isinasaisantabi ni Estrada ang mga apila ng nasabing grupo. Lantad ang kawalan ng malasakit ng kampo ni Estrada sa kapakanan ng sarili nitong mga kawal, at patuloy na isinasapanganib ng rehimeng kanyang mga nabihag na tauhan sa pamamagitan ng todo-largang operasyong militar sa Timog Katagalugan na tinambakan ng 15 batalyon ng AFP at PNP.

Inaresto si Martin noong Nobyembre 3, 1999 sa Dolores Quezon. Napatunayang siya'y walang mabigat na pagkakasala sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan. Inendorso na ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) noon pang Pebrero 11 ang pagpapalaya sa kanya.

Si Martin ay nasa pangangalaga ng Melito Glor Command (Panrehiyong Kumand sa Timog Katagalugan) ng BHB bilang bihag ng digma. **AB**

Patuloy na istagnasyon ng ekonomya ng Japan

Ang humigit-kumulang isang dekada nang istagnasyon ng ekonomya ng Japan ay salamin ng di maibsang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Napaluluhod ito sa lubha ng krisis ng sobrang produksyon at sa ighting ng kumpetisyon laban sa imperyalismong US para sa mga limitadong pamilihan laluna sa rehiyon ng Asia-Pacific.

Ang kabiguan ng Japan na mapagsyang igaawan ang krisis ay isa sa pinakamalalaking suliranin ng mga imperyalistang kapangyarihan sa kasalukuyan. Nagsilbi ang Japan bilang pangunahing pamilihang umaangkat ng mga hilaw na materyales at bahagyang naprosesong produkto mula sa mga atrasadong malakolonya at bilang isa sa pinakamalalaking tagapinansya sa poder ng mga reaksyunaryong pamahalaan.

Pumutok noong 1990 ang ekonomyang pinalobo ng todo-todong ispekulasyon sa *real estate* at pagpapabaha ng pondo sa mga proyektong pang-imprastruktura. Mula noon, hindi na ganap na nakabangon ang ekonomya ng Japan.

Upang buhayin ang kanilang ekonomya, ilang ulit na naglunsad ang gubyernong Japan ng mga programang pampasikad (*pump-priming*) sa pamamagitan ng pagbubuhos ng bilyun-bilyong dolyar sa konstruksyon. Gumastos na ang gubyernong Japan ng \$1.5 trilyon sa nakaraang walong taon. Mula Hulyo 1998 hanggang Disyembre 1999, nagbuhos ito ng \$142 bilyon para sa mga katulad na obras publikas.

Gayunpaman, sa kabilang sunud-sunod na mga programang ito, na sadyang panandalian lamang ang pakinabang sa usapin ng empleyo at pagbubunsod ng produksyon, nananatiling



umiika-ika ang ekonomya ng Japan.

Dumausdos sa resesyon ang ekonomya ng Japan noong 1992, 1994-95 at 1998. Noong nakaraang taon, tinatayang umabot lamang sa 0.6% ang paglago ng ekonomya ng Japan.

Nananatili ang suliranin sa sistemang pampinansya ng Japan. Nagkandalugi ang mga bangko sa Japan na pangunahing nagpinansya sa mga di produktibong proyektong pang-imprastruktura at sa malakihang ispekulasyon sa pamilihan ng *stocks* at salapi. Noong kalagitnaan ng 1998, matapos sumambulat ang krisis sa Asia, tinayang aabot sa \$531 bilyon ang halaga ng di mabayarang utang sa mga bangko sa Japan.

Bukod pa rito ang paglolo ng pampublikong utang bunga ng todong pagbubuhos ng pondo sa konstruksyon. Ang kabuuang di mabayarang utang ng mga lokal na gubyerno sa Japan (hanggang noong Enero 2000) ay umaabot na sa \$6 trilyon. Noong nakaraang taon, tinatayang aabot sa 130-200% ng kabuuang lokal na produksyon ang pampublikong utang ng Japan.

Dahil sa pag-eksport ng produksyon o pagtatayo ng mga pabrikang industriyal sa mga malakolonya upang samantalahan ang murang lakas-paggawa laluna noong dekada 1980, tuluy-tuloy na bumagsak ang lokal na produksyon. Kakambal nito ang anti-unting paglaki ng suliranin ng dis empleyo sa Japan na dahan-dahang gumatong sa disgusto ng mga manggagawang Hapones.

Bunga ng krisis sa mga ekonomya ng mga malakolonya sa Asia, ang pinakamalaking pamilihan ng Japan, bumagsak ang lokal na produksyon. Sa larangan ng manupaktura, konstruksyon at agrikultura, 1.7 milyong manggagawa ang nawalan ng trabaho mula 1997 hanggang 1999. Noong Marso, tinatayang 4.9% ang tantos ng dis empleyo—ibig sabihin, 3.29 milyong manggagawa ang walang hanapbhay. Sa ulat ng gubyerno noong Abril, ►

► ipinagmalaki nitong 130,000 bagong trabaho ang nalikha. Ngunit katanungan, karamihan sa mga bagong nalilikhang hanapbuhay ay *part-time* lamang: ang bilang ng mga manggagawang may *full-time* na trabaho ay bumagsak nang 1% kumpara sa bilang noong Abril 1999.

Lalala pa ang sitwasyong ito bunga ng *restructuring* ng ekonomya ng Japan na itinutulak ng US at IMF. Kabilang sa mga patakarang ito ang pagtataas ng interes sa pautang na itinatakda ng bangko sentral ng Japan (ang Bank of Japan). Sa balak na gawing pagtataas ng interes simula sa katupusan ng taon (mula sa halos wala), hangad ng gubyernong Japan na i-*restructure* ang mga negosyo upang gawin itong mas "episyente", na ang pangunahing kahulugan ay ang malawakang pagsasakatuparan ng pleksibilisasyon ng paggawa kabilang na ang malawakang tanggalan at kontraktwalisasyon ng paggawa at iba pang katulad na patakaran. Mula 1997, taun-taong bumabagsak nang 1.5% ang tunay na halaga ng sahod ng mga manggagawa sa Japan.

Mabilis ngayong bumabagsak ang katayuang panlipunan ng mamamayan at proletaryado sa Japan at humihirap ang kanilang mga kundisyon sa pamumuhay. Nakaambang dumanas ng matitinding bigwas ang milyun-milyong walang hanapbuhay, walang tirahan at mga ordinaryong mamamayan sa mabilis na pagsasakatuparan ng mga neoliberal na patakaran ng deregulasyon at liberalisasyon. Dahil dito, ang mamamayan at proletaryado sa Japan ay mabilis na nahihimok na bagtasin ang landas ng militanteng pakikibaka. Ang pagsisikap na pababain ang gastos sa produksyon at ang kaakibat nitong pagbubwelo ng pleksibilisasyon ay nagsisilbing mitsa ng malawakang mga welgang manggagawa. **AB**

Mga pakikibakang masa sa Timog Katagalugan, sumusulong



Sumusulong ang mga pakikibaka ng mama-mayan ng Timog Katagalugan laban sa malawakang pangangamkam ng lupa, lantaran ng pasistang paghahari ng rehimeng US-Estrada sa rehiyon, at lumalaganap na mga operasyong *landfill* at *quarrying*.

Pagpapalit-gamit ng lupa. Tinututulan ng mga organisasyong magsasaka't mangingisda ang malawakang pang-aagaw at pagpapalit-gamit ng mga panginoong maylupa at mga lokal at dayuhang kapitalista sa lupang sakahan, pangisdaan, mga komunidad sa baybaying dagat at kagubatan.

Kabilang sa mga nilalabanan nila ay ang Harbortown ng Fil-Estate, Sta. Lucia Realty at Manila Southcoast Development Corporation sa Nasugbu, Batangas; ang Batulao Nature City sa 1,300 ektaryang sakahan sa Patugo, Balayan; ang Pentaport Project sa North Quezon; ang kumbersyon ng Lawa ng Laguna at Lawa ng Taal at ang pagsasapribado sa halos lahat ng mga baybayin ng rehiyon. Bukod sa paglalantad ng mga magbubukid at mamamalakaya sa malawakang dislokasyon, kahirapan at kagutumang dulot sa kanila ng pagpapalit-gamit sa lupa, itinataguyod rin nila ang panawagan para sa tunay na reforma sa lupa.

Militarisasyon. Tuluy-tuloy na inilalantad at nilalabanan ng mamamayan ng Timog Katagalugan ang Oplan Makabayang rehimeng US-Estrada na sa loob ng mahigit isang taong implementasyon ay nagresulta na sa 378 biktima ng iligal na pag-aresto, tortury at pagkulong, 225 pamilyang biktima ng iligal na panghalughog at sapilitang pagpapalikas, 14 na bahay na winasak ng militar, 14 na biktima ng salbeyds, 23 kasong masaker at lima ang pagdukot.

Sa kasalukuyan, 12 batalyong tropang panagupa ng AFP, dalawang batalyon ng PNP, mga kagawad ng CAFGU at iba pang pwersang paramilitar ang nakapakat sa rehiyon.

Quarrying. Binabatikos ng mamamayan ang dumaraming ►

BALITA BALITA BALITA BALITA BALITA BALITA

BRIGADE COMMANDER, 12 PANG SUNDALO PATAY SA AMBUS SA ISABELA

Napatay ang isang *brigade commander* ng Philippine Army at 12 pang sundalo nang tambangan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang kanilang *convoy* nitong Hunyo 27 sa hangganan ng Barangay Linomot at Barangay Sta. Isabel sa Jones, Isabela.

Si Col. Josefino Manayao, kumander ng 502nd Infantry Brigade at isa pang sundalo ay namatay sa ospital habang kaagad na napatay ang 11 sundalo, kabilang si 2Lt. Wilfredo Estanislao, *executive officer* ng 54th IB. Sina Manayao at Estanislao ay kapwa gradweyt ng Philippine Military Academy.

Ang opensiba ay inihudyat ng pagpapasabog sa trak na nasa hulihan ng *convoy* na kinabilangan ng limang sasakyang militar. Nakumpiska ang 11 M16 at isang M203 *grenade launcher* sa naturang ambus.

Ayon sa Benito Tesorio Command ng BHB sa Isabela, ang pusakal na 502nd Brigade ay sangkot sa malawakang paglabag sa mga karapatang-tao, kabilang ang pagtortyur at pananalbeyds sa mga pinaghiihinalaang rebolusyonaryo at ang pambobomba at sapilitang pagpapalikas sa buu-buong mga komunidad sa Isabela.

7 SUNDALO, 1 CAFGU PATAY SA AMBUS SA SAMAR

Pitong sundalo ng Philippine Army at isang elemento ng CAFGU ang napatay samantalang isa ang nasugatan nang ambusin sila ng mga Pulang mandirigma sa Maslog, Eastern Samar. Inilunsad ang ambus nitong Hunyo 15, bandang ika-10 ng umaga. Ang mga inambus na tropa

► mga *quarry* na pumipinsala sa mamamayan at kalikasan. Ang walang patumanggang *quarrying* ay bahagi ng mga programa ng CALABARZON at MIMAROPA (Mindoro, Marinduque, Romblon, Palawan) at pinakikinabangan ng mga planta ng kuryente, kalsada, internasyunal na daungan, subdibisyon at *industrial estates*. Sa ngayon, pangunahing mga *quarry site* sa rehiyon ang Rizal; Laguna; Sariaya, Quezon; Maragondon at Ternate,

ay kabilang sa isang 10-kataong *composite team* mula sa 14th IB.

DESPOTIKONG ASENDERO, PINARUSAHAN SA LEYTE

Ginawaran ng rebolusyonaryong hustisa ng mga gerilya ng BHB ang isang despotikong asendero ng Leyte nitong Hunyo 12. Si Joaquin Labra ay pauwi na mula sa pagbisita sa kanyang tubuhan at sakay ng kanyang dyip nang ambusin ng mga mandirigma ng BHB sa Barangay Natugban, Kananga.

Pinarusahan si Labra dahil sa kanyang mabibigat na pananagutan sa mamamayan. Kabilang dito ang pagiging utak sa pagpaslang kay Reynaldo Villota noong Agosto 22, 1999. Marami rin siyang kasu ng pangangamkam ng lupa, panghaharas at pananakot sa mga magsasakang nagtatanggol sa kanilang karapatan sa lupa.

AKSYONG PAGPARUSA, ISINAGAWA SA BOHOL

Pinarusahan ng mga Pulang mandirigma ang AER Construction Inc., *subcontractor* ng isang kumpanyang Hapones sa Barangay Imelda, Ubay, Bohol.

Bandang ika-7 ng gabi nitong Hunyo 23, pinasok ng Hukbo ang *motorpool* ng kumpanya na nasa compound ng National Power Corporation. Madaling nakapasok ang mga gerilya dahil napaniwala nila ang mga gwardya ng kumpanya na sila ay mga sundalong naglulunsad ng operasyon sa lugar.

Sinunog ang heavy equipment kabilang ang dalawang *dumptruck*, *cement mixer* at *bucket truck*.

Tinatayang aabot sa P3 milyon ang kabuuang pinsala sa kumpanya. Nagpakilala ang mga mandirigma bago

Cavite; at Tuy at Iligan, Batangas.

Basura. Tinututulan din ang walang kapararakang pagtatambak ng lumalaking bolyum ng basura sa mga *landfill* sa Timog Katagalugan. Ang tone-toneladang basurang mula sa Maynila at sa mga pagawaang multinasyunal at transnasyunal, na itinatambak sa San Mateo, Rizal; Carmona, Cavite; at sa Mabitac at Paete, Laguna ay mapanganib sa kalusugan ng mamamayan at nakasisira sa kapaligiran. **AB**

umatras at ipinaliwanag sa mga gwardiya at mga manggagawa ng kumpanya ang batayan ng ginawang pagparusa.

KUMPANYA NG SMART SA QUEZON, NIREYD NG BHB

Mabilis na sinalakay ng mga gerilya ng BHB nitong Mayo 19 ang isang *cellsite* ng Smart Communications sa Villapadua, Gumaca, Quezon bandang 12:45 ng tanghali. Nadisarmahan ang nag-iisang gwardiya ng kumpanya. Sinunog ang *guardhouse*, isang *communication van*, dalawang *generator* at ang bodega nito. Aabot sa mahigit sa P1 milyon ang halaga ng pinsala sa kumpanya. Isinagawa ang aksyong pagparusa dahil sa pagmamatigas ng kumpanya na kilalanin ang rebolusyonaryong patakarang ipinatutupad ng kilusan sa lugar.

MASINGGAN, 2 RIPLE NAKUMPISKA SA AMBUS SA SURIGAO

Isang iskwad ng mga *security guard* at sundalo ng Philippine Army ang tinambangan ng mga Pulang mandirigma ng BHB habang nagpapatrulya sa interyor na bahagi ng Tago, Surigao del Sur nitong Mayo 13. Ang pagpapatrulya ay regular na isinasagawa ng magkasanib na sekyuriti ng Surigao Development Corp. at ng mga militar sa lugar. Magkatuwang sila sa pandarahas at panggigipit sa mga manggagawa ng kumpanya at mga mamamayan sa paligid nito. Napatay ang isang korporal at dalawang gwardya. Nasugatan naman ang isang sарhento. Nasamsam ang isang masinggan at dalawang riple sa naturang opensiba.

Samantala, inilunsad ang isang operasyong isparo sa lunsod ng Surigao nitong Mayo 19. Napatay ang dalawang abusadong pulis na sina SPO1 Petronilo Quiban at SPO1 Rodrigo Rufin.

DALAWANG KUMPANYA SA KONSTRUKSYON SA NUEVA ECija, PINARUSAHAN

Magkahiwalay na nireyd ng mga mandirigma ng BHB ang *depot* ng dalawang malalaking kumpanya sa konstruksyon sa San Jose City nitong Mayo.

Nitong Mayo 20, mabilis nilang sinalakay ang *depot*

ng isang kumpanya sa konstruksyon ng Koreano. Sinunog ang isang *10-wheeler truck*.

Samantala, pinarusahan din ang JTY Construction Corp nitong Mayo 1 bandang 11:10 ng gabi. Dinisarmahan ang dalawang *security guard* ng kumpanyang pag-aari ni Juanito Ty, isa sa mga kontraktor ng Casecnan Multipurpose Irrigation at proyekto sa kuryente. Sinunog ang isang Hyundai *payloader* at isang *dump truck*. Umaabot sa P700,000 ang pinsala. Nasamsam din ang tatlong *handheld radio* at dalawang .38.

Ang naturang mga kumpanya ay patuloy sa pagbabalewala sa umiiral na patakaran sa pagbubuwis ng rebolusyonaryong kilusan. Pananagutan din ng JTY Construction Corp. ang mga di naibibigay na sweldo ng mga dumadaing na mga manggagawa.

PAGPAPALAYA SA 2 BIHAG IGINIIT NG MGA GRIYEGO

Iginiit ng mahigit 150 mamamayan mula sa Athens at Sparta sa Greece ang pagpapalaya kay Leonardo Pitao (Ka Parago) at iba pang bilangong pulitikal sa Pilipinas. Sa isang pahayag na inilabas nitong Hunyo 26 at 27, binatikos din ng mga Griyego ang tumitinding panunupil sa Pilipinas sa gitna ng lumalalang sosyo-ekonomikong krisis at ang pag-igting ng pagsasamantala sa mamamayang Pilipino ng mga dayuhang monopolyong kapitalista. Si Pitao ay isa lamang sa mahigit 200 bilangong pulitikal. Ayon sa pahayag, inaresto sila nang walang mandamyento, iligal na ikinulong, tinortyur at sinampahan ng mga kasong kriminal sa unang dalawang taon ng rehimeng Estrada.

Samantala, 148 Griyego rin ang nanawagan para sa kagyat na pagpapalaya sa 12 taong gulang na si Edfu de la Cruz. Lumagda sila sa isang pahayag na inilabas sa Athens nitong Hunyo 27 ng A/Synechia, isang rebolusyonaryong organisasyon sa Greece. Si Edfu, anak ng mag-asawang mandirigma ng BHB, ay binihag ng militar pagkatapos ng isang labanan na ikinasawi ng kanyang mga magulang, kapatid at dalawang iba pa sa Bontoc, Leyte noong Marso 12. Sa halip na ilipat siya sa pangangalaga ng kanyang lola, sapilitan siyang hinahawakan ng Department of Social Welfare and Development.